## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga pangungusap at tukuyin ang pangalan sa loob ng kahon. "E-drag" ang mga pangalan at "e-drop" sa patlang ng bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| SUKARNO | DIPLOMASYA | HILAGANG VIETNAM |
| SUN YAT-SEN | ILUSTRADO | MONGHENG BUDDHIST |
| BUDI OTOMO | KATIPUNERO | REBELYONG TAIPING |
| ANDRES BONIFACIO | KILUSANG PROPAGANDA | |
| EMPERADOR MUTSUHITO | PANANAKOP NG UNITED STATES | |
| COMMODORE MATTHEW PERRY | PANAHON NG SHOGUNATONG TOKUGAWA | |

1. Naghimagsik ang mga kasapi ng rebelyong ito laban sa mga Manchu na hinangad nitong pabagsakin.

2. Namuno sa pagpapaunlad ng damdaming nasyonalismo sa Indonesia.

3. Sa panahong ito isinara ng Japan ang pinto sa mga Kanluranin.

4. Ang layunin ng Kilusang ito ay humiling ng mga pagbabago para sa ikabubuti ng lipunang Pilipino.

5. Ang samahang makabayang binuo ng mga Indonesian nang sila ay hinawakan ng mga Dutch.

6. Pinamumunuan niya ang mga Katipunero na naglalayon ng kalayaan para sa Pilipinas.

7. Sa panahon ng kanyang pamumuno natamo ng Japan ang modernisasyon nito.

8. Ginamit ang pamamaraang ito ng Thailand upang mananatiling malaya sa pananakop ng mga Kanluranin.

9. Sa pagdating niya niyakap ng Japan ang impluwensiyang kanluranin at sumasailaim sa modernisasyon ang bansa.

10. Naganap ang Digmaang Pilipino-Amerikano sa panahon ng pananakop nito.

11. Ang nangunguna sa pagpamalas ng nasyonalismong Pilipino na nagtatag ng Kilusang Propaganda.

12. Ang bahagi ng Vietnam na nagsusulong ng sosyalismo at komunismo.

13. Nangunguna sa mga protestang pulitikal na naging aktibo sa pagiging nasyonalista ng mga Vietnamese.

14. Ang kasapi ng Katipunan sa ilalim ng pamumuno ni Andres Bonifacio na naglalayon ng kalayaan para sa Pilipinas.

15. Siya ang tinaguriang "Ama ng Republikang China".

LIVEWORKSHEETS